## Ang "ACCESS Center" ay naririto ngayon upang bigyan kayo ng kaukulang kaalaman kung sakaling kailangananin ninyong humarap mag-isa sa hukuman.

Makapagbibigay kami ng kaalamang alinsunod sa batas ngunit hindi mga payong kailangan ninyong sundin.

- Ang "ACCESS Center" ay maaaring sanggunian ng magkabilang panig sa isang kaso o usapin.
- **Hindi** kami maaaring kumatawan sa inyo o maging manananggol/abogado ninyo. Ang mga usapan sa "ACCESS Center" ay **hindi** pribado o dapat ilihim.
- Makapagbibigay kami ng kaalaman hinggil sa mga usapin sa San Francisco lamang, at kung kinakailangan, maaari namin kayong bigyan ng mga liham ng pagsangguni sa mga tinalagang tanggapan ng pamahalaan.
- Hindi namin kayo matutulungan hinggil sa mga katanungan laan sa ibang tao o ibang miyembro ng pamilya, kabilang na ang mga manananggol/abogado, tanggapan ng mga manananggol/abogado, paghahanda ng mga papeles o dokumento at mga tulong gawain ng mga tinatawag na "paralegal".
- Ang pakikipag usap namin sa inyo ay hindi maituturing pribado o "confidential". Maaari kayong sumangguni sa sarili ninyong manananggol/abogado, kung nais ninyo ng pansariling payo, at kung ninais ninyo na ang mga usapan ninyo ay manatiling pribado o "confidential" at upang mayroong kumatawan sa inyo.
- Ang mga tauhan ng "ACCESS Center" ay hindi maaaring magbigay ng payo, kumatawan sa inyo o makipag usap sa hukom upang pag usapan ang inyong usapin. Makipag ugnayan sa (BASF) Bar Association of San Francisco's Lawyer Referral service, sa **(415) 989-1616** upang magkaroon ng pansariling manananggol/abogado na kakatawan sa inyo, sa abot kayang halaga o para sa walang bayad na serbisyo kung kayo ay karapat dapat.

**Para sa mga update ng mga oras ng operasyon, mga FAQ na pang-impormasyon na materyales, at iba pang magagamit self-help online na serbisyo, bisitahin ang website ng ACCESS Center**
**www.sfsuperiorcourt.org/self-help**

| | |
|---|---|
| **Online Chat Assistance:** | Para sa mga **Pagpapawalang bisa ng kasal (Dissolution of Marriage)** sa online chat, puntahan ang ACCESS Center webpage sa: www.sfsuperiorcourt.org/self-help<br>Lunes, Martes, Huwebes 12:00 p.m. hanggang 3:00 p.m. |
| **Live Helpline:**<br>**(415) 551-0605** | Para sa impormasyon sa telepono at mga referral para sa **suporta sa bata, batas ng pamilya, restraining orders, small claims, at pagbabago ng pangalan at kasarian**, tawagan ang **Live-Helpline** sa **(415) 551-0605**.<br>Lunes, Martes, Huwebes, mula 8:30 a.m. hanggang 11:30 a.m. |
| **Online Assistance:** | Para sa mga online na katanungan, kumpletuhin ang intake form sa: https://www.surveymonkey.com/r/SF-ACCESS<br>**Pakitandaan:** Hindi kami tumatanggap ng mga attachment at mga email. |
| **In-Person Triage:**<br>**(Harap-Harapan na Tulong)** | Lunes, Martes, Huwebes sa Civic Center Courthouse.<br>**Para sa mga In-Person Triage, intakes, at mga referrals, puntahan ang ACCESS Center ng Lunes, Martes, Huwebes mula 8:00 a.m. hangang 9:30 a.m. Kailangan mong mag-sign-in sa 5th floor para makakuha nang ticket. (Limitado ang number nang tickets na ibibigay bawat araw) Tutulungan ang mga customer gamit nang first-come first-serve basis na sistema.** ***Kung Ikaw ay nangangailangan ng karagdagang tulong*****:**<br>**Tawagan ang helpline sa (415) 551-0605, gamitin ang online chat, o magpadala ng email inquiry.** |

**Makakatulong ang ACCESS Center sa mga:**

- Diborsyo (Divorce)/ Dissolution ng Kasal o Domestic Partnership/ Legal na Paghihiwalay/ Nullity ng Kasal
- Tukuyin ang Legal Parentage/ Parental Relationship
- Kustodiya ng Bata at Visitasyon
- Suporta sa Anak/ Suporta sa Asawa
- Domestic Violence Restraining Order
- Civil Harassment Restraining Orders
- Pagbabago ng Pangalan at Kasarian
- Evictions (residential)
- Guardianship of the Person
- Conservatorship of the Person
- Step-parent adoptions to confirm parentage
- Small Claims

**ACCESS Center - 400 McAllister Street, San Francisco, CA 94102-4514**
**Impormasyon Tungkol sa Corte: www.sfsuperiorcourt.org | Forms at Karagdagang Impormasyon :www.courts.ca.gov**